

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Nagdedeklara ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ng Emergency sa Pangangalagang Pangkalusugan**

BRAMPTON, ON (Enero 22, 2020) – Sa konseho sa araw na ito, magkaisang ipinasa ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang isang panukala na ideklara ang Emergency sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Brampton.

Ang panukala ay ipinasa ni City Councillor Harkirat Singh, at pinangalawahan ni Mayor Patrick Brown at lahat ng Konsehal. Naresolba ang panukala:

- Na ang Emergency sa Pangangalagang Pangkalusugan ay ideklara para sa Lungsod ng Brampton; at
- Na hihilingin ang CAO at ang angkop na staff ng City Hall na makipagtulungan sa William Osler Health System (WOHS), sa Probinsya ng Ontario at sa Pamahalaan ng Canada para ibigay ang pang-agarang pondo sa pinaka-mahalagang pangangalagang pangkalusugan sa Brampton Civic Hospital at Peel Memorial Centre para matiyak na nagpatakbo sila na may kumpletong staff at mga resource para makapagbigay kaagad ng ligtas at de-kalidad na pangangalaga sa pasyente; at
- Na hihilingin ang CAO at ang angkop na staff ng City Hall na makipagtulungan sa William Osler Health System (WOHS), sa Probinsya ng Ontario at sa Pamahalaan ng Canada para matiyak ang ganap na tumatakpong Emergency Department at sapat na mga serbisyo sa mga naospital kasama ang karagdagang mga higaan sa ospital para matiyak na ang bilang ng higaan sa ospital ay katumbas ng average bawat tao ng probinsya, pangangailangan para sa karagdagang 850 higaan, sa Peel Memorial Centre sa Phase II na pag-develop sa Peel Memorial Centre para sa Integrated na Kalusugan at Kabutihan, na makamit sa loob ng kasalukuyang mandato ng Pamahalaan ng Probinsya, at
- Na ipadala ang isang kopya nitong Resolusyon sa Ministro ng Kalusugan, lahat ng mga Miyembro ng Brampton sa Parliyamto ng Probinsya, sa Tanggapan ng Premier, sa lahat ng mga Lider sa Parliyamto ng Probinsya ng Oposisyon na Partido, sa lahat ng mga Miyembro ng Pederal na Parliyamto, sa Presidente at CEO ng William Osler Health System, sa Brampton/Etobicoke at Area Ontario Health Team at sa Rehiyon ng Peel.

Noong Disyembre, nagpasa ng resolusyon ang Konseho na kumilala sa natatangi at agarang mga pangangailangan sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Brampton, kabilang ang malaking agwat sa pondo, mahabang panahon ng paghihintay, at panggagamot sa pasilyo ng ospital. Humingi ang resolusyon ng agarang aksyon mula sa lahat ng provider ng sistema sa pangangalagang pangkalusugan.

Ginawa ng Lungsod ang maraming inisyatiba para humingi ng mas maraming pondo at suporta mula sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pagpresenta sa mga kinatawan ng Probinsya at Pederal sa taunang mga kumperensya para sa Pederasyon ng mga Munisipyo ng Canada at sa Samahan ng mga Munisipyo ng Ontario, na nagtataguyod sa mga pamahalaang pamprobinsya at pederal sa pamamagitan ng darating na proseso ng Pre-Budget Submission para sa mga lebel ng pamahalaan at pagtataguyod sa kampanya ng adbokasiya sa pangangalagang pangkalusugan na

#FairDealForBrampton para maitayo ang kamalayan at suporta para sa mga concern sa pangangalaga ng kalusugan sa Brampton.

Hanggang ngayon, ang ang [#FairDealForBrampton campaign](#) ay nakatanggap ng 18,000 lagda ng residente sa isang petisyon sa Probinsya para ikonekta ang agwat sa pagitan ng Brampton at ibang mga munisipyo, magbigay ng pondo at suporta para sa pagpapalaki ng mga pasilidad at serbisyo sa Peel Memorial Centre, at magbigay ng pondo para sa ikatlong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan sa Brampton.

### **Mga Quote**

“Ang sistema sa pangangalagang pangkalusugan ng Brampton ay nasa matinding pangangailangan ng pondo at suporta mula sa pamahalaan ng Probinsya. Sa ngalan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton, hindi lamang kami maghihintay nang walang ginagawa. Idineklara naming nang opsiyal ang Emergency sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Brampton, at humihiling kami ng agarang aksyon at tugon mula sa lahat ng provider ng sistema sa pangangalagang pangkalusugan para tugunan ang mga agarang pangangailangan ng komunidad.”

- *Mayor Patrick Brown*

“Bilang pinaka-mabilis na lumalaking lungsod sa Canada, karapat-dapat ang Brampton sa patas at sapat na pangangalagang pangkalusugan. Mamamatay na ang mga pasyente sa mga pasilyo ng tanging ospital ng lungsod. Panahon na para tayo ay humingi ng patas na deal sa pangangalagang pangkalusugan at ihinto ang labis na napakaraming tao at kulang sa pondo na medisina sa pasilyo. Hindi na magawang maghintay ng Brampton!”

- *Rowena Santos, Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad*

“Ang pagpapaabot ng panukalang ito sa araw na ito ay lubos na mahalaga. Ang panggagamot sa pasilyo ng ospital sa Brampton at labis-labis na tao ay ginagamit bilang halimbawa kung ano ang hitsura ng krisis sa pangangalagang pangkalusugan sa buong bansa. Nararapat sa Brampton ang karampatang parte nito at ang ating mga residente ay karapat-dapat sa pangunahing karapatan na pagkakaroon ng access sa sapat na pangangalagang pangkalusugan.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 & 10*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK SA MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Strategic na Komunikasyon sa  
Media at Pakikilahok sa Komunidad  
City of Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)